# Mga Tula ni Amanda

Pagdiriwang sa Buhay ni Amanda at Pagbahagi ng Kanyang Mensahe Sa Pamamagitan ng Kanyang Mga Tula

Mga Tulang Inspirasyon - nagbibigay ng lakas, pag-asa, at pananampalataya sa panahon ng mga pagsubok.

*Mabuhay sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi sa mga bagay na nakikita lamang.*

2 Corinto 5:7



*Ang mga tula sa mga sumusunod na pahina ay nagpapahayag ng iba't-ibang emosyon ni Amanda. Ipinapabatid ng kanyang mga salita kung paano nakatulong ang kanyang relasyon sa Diyos sa panahong mahihirap at mag pasalamat maging sa oras ng mga pagsubok. Nais ni Amanda na mailathala ang kanyang mga tula at maipamahagi ito upang magsilbing inspirasyon at maipakita kung paano siya kumuha ng lakas mula sa kanyang pananampalataya- ito ang mensahe ni Amanda.*

# Mga Nilalaman


1 **PAGDIRIWANG NG BUHAY NI AMANDA**

5 **MGA MALILIIT NA BAGAY**
Natutunan ni Amanda na pahalagahan ang mga payak at simpleng bagay sa buhay.

7 **PINAGPALANG PIGHATI**
Sa pamamagitan ng mga pagsubok, nadama ni Amanda ang presensya ng Diyos at pinalalakas nito ang kanyang pananampalataya.

8 **HINDI INAASAHANG MGA PAGPAPALA**
Batid ni Amanda na ang kanyang buhay ay hindi kailanman magiging tulad ng dati, habang kanyang binitiwan ang mga bagay sa nakaraan at tinanggap ng maluwag sa puso ang kinabukasan na ayon sa plano ng Diyos, nanatiling nakatuon ang kanyang mga mata sa Panginoon.

9 **MAS MAGANDANG ARAW**
Sa gitna ng gamutan, sumulat siya, "… hanggang sa ang mga pangarap ng isang magandang araw ay hindi na isang pangarap lamang".

11 **HINDI ANG SAGOT NA NAIS KO**
Isinulat ni Amanda ang tulang ito matapos makita sa mga pagsusuri na bumalik ang kanyang kanser.

12 **PAGDARASAL NA MAY PAGTITIIS**
Sa tulang ito, si Amanda ay lubos na sumusuko sa plano ng Diyos para sa kanyang buhay.

13 **NASUKOL**
Hindi hinayaan ni Amanda na kontrolin siya ng pag-aalala, naglaan sya ng oras para manalangin araw-araw.

14 **WALANG PATID NA MGA PANGAKO**
Nangangamba ang mga doktor na maaaring bumalik ang kanser ni Amanda; gayumpaman ang pag-ibig ni Aaron Dieppa kay Amanda ay gayon na lamang kaya hindi siya nag-atubiling pakasalan siya. Sa isang magandang seremonya sila ay nag isang dibdib noong Nobyembre 15, 2003 at siya ay naging Amanda Dieppa.

15 **PAGBAWI**
Tatlong buwan makalipas bilang mag-asawa, ikinagulat ni Amanda ang balitang bumalik ang kanyang kanser. Sa pananampalataya sa Panginoon at kasama si Aaron sa kanyang tabi, siya ay naging matatag.

16 **UMAAPAW NA SARO**
Ang mga taon ng pakikipaglaban sa kanser ay nagdulot ng pinsala kay Amanda. Siya ay humina at naging marupok ang pangangatawan subalit siya ay naniniwala, nagtitiwala at naghihintay sa Diyos na isang araw ang kanyang saro ay mag-uumapaw.

17 **MABUHAY SA PUSO**
Sa tulang ito, si Amanda ay patuloy sa kanyang diskurso kay Kristo. Tinanong niya kung bakit ang tao ay inilalagay ang lahat ng bagay maliban sa Diyos sa hugis- Diyos na butas ng kanilang puso.

### 18 PATULOY NA PASASAKOP
Ang Panginoon ay nanatili kay Amanda habang sya ay napapasakop at nagtitiwala sa mga plano para sa kanyang buhay.

### 19 MAPANGLAW NA SANDALI
Matapos ang anim na taon na pakikipaglaban sa sakit na kanser, kawalan ng pag-asa at puno ng kalungkutan ang naramdaman ni Amanda; ngunit siya ay payapa at naniniwala sa walang hanggang pag-asa sa Diyos at ng kanyang mga pangako na ang buhay ay hindi natatapos dito.

### 20 SA ISANG SANDALI
Si Amanda ay nakaramdam ng pasasalamat, minamahal, puspos, at payapa habang naghihintay sa Panginoon na tuparin ang kanyang pangako… handa siya anumang oras.

### 21 BUKSAN ANG AKING MGA MATA
Si Amanda ay nananalangin para sa espirituwal na paningin mula sa Diyos na buksan ang kanyang mga mata upang makita niya ang mga plano ng Diyos sa kanyang buhay.

### 23 KAPUNUAN
Isinulat ni Amanda kung paano siya napuspus ng kapayapaan habang sinisimulan niyang makita ang layunin ng Diyos para sa kanyang buhay at nagsisikap na mamuhay ng naayon sa kanyang kalooban.

### 24 PANSAMANTALANG MGA PAGSUBOK
Ang pananampalataya ni Amanda ay patuloy na lumalago habang sinasalubong siya ng Diyos sa gitna ng mga unos sa buhay

### 25 WALANG KAMATAYANG PAG-ASA
Si Amanda ay nangangako na luluwalhatiin ang Diyos hanggang sa wakas, kahit hanggang kamatayan, magpapatuloy sa buhay bagama't nauunawaan nya na ang mga alternatibong pamamaraan na mabigyang lunas ang kanyang karamdaman ay unti-unti ng naglalaho.

### 26 WALANG HANGGANG PASANIN
Ito ang malungkot na araw para kay Amanda at ang tula ay isinulat pagkatapos ng pagsusuri ay nagpapakita na ang kanyang kanser ay lumalaki pa rin.

### 27 PULUTIN ANG MGA PIRASO
Nasiraan ng loob si Amanda tatlong araw matapos mabalitaang bumalik ang kanyang sakit na kanser. Sinubukan niyang ipagpatuloy ang buhay at buuin muli ito. Makadurog puso na basahin ang tula ni Amanda, kaya't ang kanyang pamilya ay tumugon sa pamamagitan ng mga sumusunod na tatlong tula ng pampatibay- loob.

### 28 ILAPAG ANG MGA PIRASO
Isinulat ni Laura ang tula na ito upang damayan at suportahan si Amanda.

## 29 DIYOS?

Isinulat ni Lisa ang tula na ito upang bigyan ng inspirasyon si Amanda sa pamamagitan ng pagpapaalam sa huli na nais niya itong malagpasan ang sakit, ngunit kanya din nalalaman na may naghihintay na langit. Kung kinakailangan ni Liza na siya ay pawalan kung ito ang kalooban, gagawin nya ito ng walang kagalakan.

## 31 AYON SA PLANO

Isinulat ng ama ni Amanda ang tulang ito upang aliwin si Amanda at alisin ang kanyang takot sa kamatayan sa pamamagitan ng paghiling sa kanya na magtiwala sa walang hanggang plano ng Diyos.

## 32 PALAD NG INYONG KAMAY

Akala ni Amanda ay gagaling siya at makakapagpatuloy sa kanyang buhay, ngunit napagtanto niya na bumalik uli siya kung saan siya nagsimula, sa Palad ng Kanyang mga Kamay.

## 33 HINDI PA

Si Amanda ay may malakas na hangarin na mabuhay ngunit mayroon ding malakas na kagustuhan na ipaubaya sa kalooban ng Diyos at plano sa kanyang buhay; nalalaman na ang pag-ibig at biyaya ng Diyos ang tanging kailangan niya.

## 34 NAGHIHINTAY PA RIN

Naghihintay pa rin si Amanda sa anghel ng Diyos na dalhin siya sa langit. Sinagot ng Diyos ang kanyang mga panalangin nang pumanaw siya makalipas ang isang buwan pagkatapos niyang isulat ang tulang ito.

## 35 ANG PAGMAMAHAL NG ISANG KAPATID

Sinasabi ng tulang ito na mas mabuting magmahal at mawalan kaysa hindi kailanman magmahal. Ang larawan ng kasal na ito ay kay Amanda at kanyang kambal na mga kapatid na sina Lisa at Laura.

## 36 HUWAG NA HUWAG KANG SUSUKO

Si Amanda ay dumanas ng mga kumplikasyon habang ginagamot sa Mayo Clinic sa Rochester, Minnesota. Isinulat ng kanyang Ama ang tulang ito upang siya ay pasiglahin at bigyan siya ng lakas upang mapagtiisan ang kanyang beyahe pauwi sa bahay sa California.

## 37 BUHAY NA GINAMIT, PATNUBAY SA PATUTUNGUHAN

Ang tulang ito ay isinulat ng ama ni Amanda upang ipaalala sa kanya na ang buhay na ito ay hindi ang katapusan at kailangan nating tumuon sa kung saan tayo pupunta pagkatapos ng ating huling hininga

## 38 PAG-UNAWA SA SAKIT NA KANSER NA HINDI KASAMA ANG DIYOS

Isinulat ni Amanda ang lahat ng bagay na nawala sa kanya dahil sa sakit na kanser (makamundong pananaw).

## 39 NARARANASAN ANG SAKIT NA KANSER NA KASAMA ANG DIYOS

Isinulat ni Amanda ang lahat ng mga bagay na kanyang pakinabang dahil sa sakit na kanser (pananaw sa walang hanggan).

# Pagdiriwang Ng Buhay Ni Amanda

## Ang mga salitang ito ay binasa ni Tom, ang ama ni Amanda, sa pag-alaala sa kanya.

Sa mga huling araw ay nahirapan akong hanapin ang mga salita para parangalan ang alaala ni Amanda. Nanalangin ako na patnubayan nawa ako ng Diyos, ngunit paano makapaghahanda ang sinuman para sa araw tulad ngayon? Paano ko ilalarawan ang isang panghabambuhay na alaala sa loob lamang ng ilang minuto? Masasabi ko sa inyo ang tungkol kay Amanda-na aming munting anak na babae, mula sa mga kuwento bago sya matulog, hanggang sa pagkawala ng kanyang unang ngipin, mula sa mga laro ng "soccer," hanggang sa mga paligsahan sa pagbabaybay, sa pagtatapos sa eskuwela, hanggang sa siya ay ikasal... o maaari kong ibahagi sa inyo ang tungkol sa kanyang hindi matatawarang pananampalataya sa Diyos. Sa huli, napagpasyahan kong gawin pareho.

Madalas gumamit si Amanda ng mga tula upang ibuhos ang kanyang diwa at ilagay ang kanyang malalim na damdamin sa papel. Bilang pagpaparangal kay Amanda, nais kong simulan sa pamamagitan ng pagbasa ng kanyang unang tula, isinulat noong siya ay lambing-anım na taong gulang (16), ilang sandali matapos masuri na siya ay may kanser. Ito ay may pamagat na-**Mga Maliliit na Bagay**.

Naranasan mo na bang ipikit ang iyong mga mata sa gabi
At ninanamnam ang bawat panaginip
Tumingin sa mga mata ng iyong ama
Para lang makita ang ningning?

Naranasan mo na bang maglakad sa dalampasigan
At naramdaman ang malambot na buhangin sa pagitan ng iyong mga daliri sa paa
Kabisahin ang ngiti ng minamahal
Hanggang sa maliliit na kunot ng kanilang ilong?

Naranasan mo na bang maramdaman ang liwanag na nanggagaling sa iyong loob
Na biglang kumikislap at kumikinang nang maliwanag
O bakasın ang palad ng iyong mga kamay
Bawat masalimuot nitong linya?

Naranasan mo na bang pahalagahan ang mapagmahal na haplos ng iyong ina
Habang pinapatulog ka niya pagsapit ng gabi
Salamat sa Diyos para sa lahat ng maliliit na bagay
Para sa mga kaibigan, para sa buhay, para sa paningin?

Nandito tayo upang ipagdiwang ang buhay ng aming anak na si Amanda. Madalas na sinasabi na hindi dapat nauunang mamatay ang anak sa kanilang magulang at ang ihatid ang anak sa huling hantungan ay isa sa pinakamasakit na puwedeng maranasan ng isang magulang. Subalit, pagkatapos ng dalawamput-tatlong taon (23) ng buhay ni Amanda, itinuro niya sa amin na ito ay hindi araw ng paglibing sa patay, ito ay isang pagdiriwang; pagdiriwang hindi lamang ng kanyang buhay ngunit higit sa lahat ay isang pagdiriwang ng kanyang tagumpay laban sa kamatayan sa pamamagitan ni Kristo.

Isinilang si Amanda noong Hunyo 10, 1982 ilang milya lamang mula sa aming tahanan, sa Newport Beach. Noong araw na iyon, si Linda at ako ay walang kaalam-alam sa paglalakbay na sisimulan namin o kung gaano kalaki ang pagbabago na magaganap sa ang aming buhay. Si Amanda ang panganay sa apat naming anak at siya ay maituturing na isang "daddy's girl". Medyo nag selos si Linda, ngunit mula ng si Amanda ay magkasya sa upuan sa kotse desenyo para sa bata, siya ay sumasama sa akin kahit saan ako magpunta. Madali niya itong nakasanayan at agad niyang natutunan na magustuhan ang mga "pickup truck" at "country music".

Hinding-hindi ko makakalimutan kung paano siya tumalon sa kama tuwing umaga kapag narinig niyang bumukas ang pinto ng garahe at tumakbo sa bintana at para kumaway sa akin pag-alis ko papunta sa trabaho. Walang araw na nakakaligtaan niyang gawin ito. Malapit kami sa isat-isa at araw-araw, hindi ako makapaghintay na umuwi mula sa trabaho upang makasama siya. Siya ang aking munting "Shelle Belle". Ni Kailanman wala akong pinalagpas na mga pagpupulong ng guro at magulang, sa "recital", mga gawad parangal na seremonya, pag naglalaro sya ng "soccer" o anumang iba pang kaganapan na siya ay kasali. Ako ay isang "Mr. Mom" kung tawagin at ipinagmamalaki ko ito. Siya ang aking "Sugar Plum" at ako ang kanyang "Sour Peach"

Napakarami kong magagandang alaala ng paglaki ni Amanda. Subalit, naalala ko rin ang isang petsa na mananatiling nakaukit sa aking isipan. Ang petsa ay Nobyembre 10, 1998 at si Amanda ay labing-anim (16) na taong gulang pa lamang. Noong araw na iyon ay nakarinig ako ng limang salita na hindi nais marinig ng isang magulang, "may kanser ang iyong anak".

Matinding kalungkutan ang dala ng balitang iyon sa buong pamilya, ngunit si Amanda ay nanatiling matatag at higit sa lahat nagpakita ng taglay na kamangha-manghang matibay na pananalig sa Diyos at kay Hesukristo - katangian na nakuha mula sa kanyang ina. Naalala ko na iniuwi ko siya sa bahay matapos marinig ang masamang balita at kausapin siya tungkol sa mga darating na gamutan. Si Amanda ay hindi natatakot dahil naniniwala siya na "aayusin ni Ama ang lahat".

Ako at si Amanda ay lumabas para sa isang gabing paglalakad at tumingin siya sa akin at sinabing, "ako ay natutuwa na nagkaroon ng kanser sa murang edad." Natigilan ako sa komento niya at ipinaliwanag niya sa akin: "Ang pagkakaroon ng kanser ay nagbukas sa aking mga mata at nakikita ko ang buhay nang malinaw ngayon. Dati akong nag-aalala tungkol sa mga bagay tulad ng kung anong uri ng damit ang isusuot ko o kung anong uri ng kotse ang aking emamaneho. Ngayon, lahat ng iyon ay tila hindi gaanong mahalaga. Ayokong gumugol ng isang minuto ng buhay ko sa negatibong pag-iisip.Karamihan sa mga tao ay nabuhay hanggang sa katandaaan at hindi nila naisip ito. Ngunit naisip ko ito sa edad na labing anim (16) at ngayon ay mayroon akong buong buhay upang mamuhay ng naiiba." At iyan ang aking Amanda. Madalas nating iniisip na pinamumunuan natin ang ating mga anak, ngunit simula noon, pinangunahan na ako ni Amanda.

Ang mga tula na isinulat niya ay nagpapakita ng patuloy niyang paglago sa ilalim ng pitong taon pakikipaglaban sa kanser, dahil ang kanyang pananampalataya ay patuloy na nasubok at pinalakas. Laging nais ni Amanda na maalala siya sa kanyang pananampalataya at hindi kailanman naging biktima. Gusto niyang gamitin siya ng Diyos sa anumang paraan na pinili Niya, kahit na nangangahulugan iyon na ipakita sa iba kung paano niya nakuha ang kanyang lakas  sa panahon ng kayang karamdaman.

Sinabi sa akin ni Amanda na ayaw niyang maging isang pasibong Kristiyano. Nagbabasa siya ng Bibliya araw-araw at dinagdagan ang kanyang pag-aaral ng mga aklat, panalangin, at pag-aaral sa Bibliya sa pagsisikap na maabot ang tinatawag niyang susunod na antas ng kanyang pananampalataya.

Gusto kong basahin ang isa sa kanyang mga tula na naglalarawan kung sino siya at kung ano ang kanyang paninindigan. Ito ay uri ng isang harapang, tula ng pananampalataya, kung saan si Amanda ay nakipag diskurso kay Kristo. Ito ay may pamagat na - **Mabuhay sa Puso**.

Nakaupo walang layuning naghihintay
Hinahayaang lumipas ang buhay
Sabi mo hindi para sa iyo ang Diyos ko
Maaari mo ba akong bigyan ng magandang dahi-
lan kung bakit?

Sabihin mo sa akin na ang aking pananampalataya
Ay isang kapaki-pakinabang na maliit na saklay
Hindi ka madaling malinlang
Kailangan mo ng ebidensya, katibayan, bagay
Na maari mong mahawakan.

Sinasabi ng ilan na walang Diyos
Habang naglilingkod sila sa isa ara-araw
Ito ay nagkukubli sa sarili
At lagi ng gustong magwagi

Nararamdaman mo ang kawalan
Na nagpapahirap sa iyong kalooban
Ikaw ay lugmok sa awa sa sarili
Nilukob ng makasariling pagmamataas

Namumuhunan sa mga bagay na walang kabu-
luhan
Mga bagay na hindi magtatagal
Tinangihan mong isuko ang iyong buhay
Dahil ikaw ay nakaranas masaktan

Tinangihan mong kilalanin ang Panginoon
Pinupulaan mo ang aking pananampalataya
Nabubuhay ka sa iyong makapangyarihang talino
Habang nabubuhay ako sa aking masayang puso

Ang aking pananampalataya ay isang makapang-
yarihang katalista
Ang pananampalataya sa iyong sarili, ay isang
hadlang
İtinayo mo ang iyong buhay sa buhangin
Habang nakakapit ako sa batong walang hanggan

Kumapit sa sarili mong katalinuhan
At ikaw ay malulunod  sa iyong makasariling diwa
Sinusubukang pagkasyahin ang lahat maliban sa
Diyos
Sa walang laman, hugis-Diyos na butas.

Itigil ang pag aksaya ng iyong mahahalagang oras
Walang layunin at bulag
Tumakas mula sa bilangguan ng pagmamataas
Para sa araw na iyon, kapag nagbigay ng ebiden-
sya ang Diyos, patunay, isang bagay na hindi mo
maitatanggi –
Hindi ka maiiwan.

Amanda Dieppa, 2004

Marami ang nalungkot para kay Amanda at sa mahirap na buhay na kanyang naranasan. Madalas kong iniisip kung ano sana ang naging buhay niya kung hindi siya nagkasakit. Ngunit pinahalagahan niya ang kanyang buhay, puno ng pagmamahal sa Diyos, sa pamilya at mga kaibigan, at sa kanyang mapagmahal  na asawang si Aaron. Ang kalidad ng kanyang buhay ay hindi nasusukat sa bilang ng mga taon na nabuhay siya ngunit sa kung ano ang kanyang nagawa sa mga taong iyon. Marahil nais din nating malaman kung ang ating buhay ay gumawa ng pagbabago sa sinuman. Mula sa pananaw na iyon, namuhay si Amanda ng isang

buong buhay, napakaraming nagawa, at maraming buhay ang binago kumpara sa maraming tao na nabubuhay hanggang tumanda.

Mula sa kanyang unang pagsusuri hanggang sa araw na siya ay pumanaw, biniyayaan kami ng Diyos ng pitong karagdagang mga taon na kasama si Amanda at dahil diyan habang buhay akong nagpapasalamat. Noong mga panahong iyon masaya naming pinagdiwang ang kanyang pagtatapos sa high school, ang kanyang ika-labing walo (18)at ika-dalawamput isang (21) kaarawan, at naihatid ko din siya sa altar ng siya ay kinasal. Iyan ang ilan sa mga mahalagang alaala na pananatilihin ko magpakailanman.


Bago siya namatay, sinabi ni Amanda na kung siya ay nakatulong kahit sa isang tao man lang na mapalapit sa Diyos, maituturing niyang ang huling pitong taon ng pasakit at pagdurusa ay katumbas ng halaga. Masasabi ko sa inyo na ibinalik niya ako sa Diyos at ginawa niyang gustuhin kong maging isang mas mabuting tao at isang mas mabuting Kristiyano. Ito ang bahagi na kanyang iniwan at mananatili sa akin hanggang sa natitirang bahagi ng aking buhay.

Ibinahagi ni Amanda ng kanyang mga huling kahilingan at ito ay:

- -Gusto kong ang awiting "How will they remember me" patugtugin sa aking alaala.
- -Ayaw kong makalimutan ninyo ako.
- -Gusto kong mailathala ang aking mga tula at ipamahagi nang libre upang magbigay inspirasyon sa iba at ipakita sa kanila ang pinagmulan ng aking lakas, mula sa aking pananampalataya.
- -Gusto kong pasalamatan ang lahat sa trabaho na tumulong sa akin at sa aking pamilya sa loob ng maraming taon. Gusto kong malaman nila na ako ay laging nagpapasalamat sa kanilang suporta.
- -Gusto kong ang aking pamilya at mga kaibigan ay tanggapin si Kristo tulad ng ginawa ko, ng makita ko silang lahat sa langit.

Maaari ko lamang ilarawan sa aking diwa na ang Diyos ay niyayakap si Amanda sa langit at sinasabi sa kanya, "Magaling! tapat at mabuting lingkod."

Miss na kita, Amanda.
Sa aking puso, ikaw ay mamahalin ko magpakailanman.
Ama



# MGA MALILIIT NA BAGAY

Naranasan mo na bang ipikit ang iyong mga mata sa gabi
At ninanamnam ang bawat panaginip
Tumingin sa mga mata ng iyong ama
Para lang makita ang ningning?

Naranasan mo na bang maglakad sa dalampasigan
At naramdaman ang malambot na buhangin sa pagitan ng
iyong mga daliri sa paa
Kabisahin ang ngiti ng minamahal
Hanggang sa maliliit na kunot ng kanilang ilong?

Naranasan mo na bang maramdaman ang liwanag na
nanggagaling sa iyong loob
Na biglang kumikislap at kumikinang nang maliwanag
O bakasın ang palad ng iyong mga kamay
Bawat masalimuot nitong linya?

Naranasan mo na bang pahalagahan ang mapagmahal na
haplos ng iyong ina
Habang pinapatulog ka niya pagsapit ng gabi
Salamat sa Diyos para sa lahat ng maliliit na bagay
Para sa mga kaibigan, para sa buhay, para sa paningin?

Amanda Twellman 1999



*Sinabi ni Hesus, “Pabayaan ninyong ang mga maliliit na bata ay lumapit*
*langit ay para sa mga gaya nila.”* ***Mateo 19:14***



*sa akin, at huwag ninyong hadlangan sila, sapagkat ang kaharian ng*

# PINAGPALANG PIGHATI

Masaya sa maginhawang buhay
Nabubuhay ako araw-araw
Hindi makita ang halaga
Ginagawa ang mga bagay sa aking paraan

Ang buhay ko ay pangkaraniwan
Panginoon, nakatayo pa rin ako
Naglalakbay sa aking landas
Hindi pinapansin ang sakdal ninyong kalooban

Lahat ay gumuho, bumagsak
Ang madilim at malungkot na araw na iyon
Panginoon, hindi ko mapigilang umiyak
Huwag mong kuhanin ang lahat

Araw-araw akong naghihintay
Mga tanong na gumugulo sa isipan
Binibigyan ako ng sagot ng Panginoon
Ama, naging bulag ako

Sa gitna ng kadiliman
Sa akin pa rin siya lumalapit
Anak, kanina pa kita  tinatawag
Ama, hindi ko narinig

Unti-unti akong nalulunod
Umiiyak ako tuwing gabi
Panginoon, kailangan ko ang iyong lakas
Naririnig niya ba talaga ang daing ko?

Pero pagkatapos ay binuhat niya ako
Habang pinupunasan ang likod ko
Pinupuno ako ng pag-asa
At ang pananampalataya na kulang sa akin

Panginoon, patuloy akong nahihirapan
Gusto ko ng tumakas
Ngunit siya ay nasa aking tabi
Kaya nakahanap ako ng lakas para manatili

Panginoon napaluhod ako
Binubulong mo ang pangalan ko
Binigyan mo ako ng bagong buhay
Hindi na ako magiging kagaya ng dati

Sinindihan mo ang puso ko sa apoy
Tinubos ako sa iyong biyaya
Ang pag-ibig mo ay parang tubig na rumaragasa
Ama, nakikita ko ang iyong mukha

–Amanda Twellman, June 2002



*Ako'y iyong sinisiyasat, batid mo aking buhay, ang lahat kung lihim, Yahweh ay tiyak mong malalaman.* ***Mga Awit 139:1***

# HINDI INAASAHANG MGA PAGPAPALA

Kaharap ang may likha
Dilat ang aking mga mata
Bagong bahagi ng aking pagkatao ay muling nabubuhay
Ngunit paano ang mga namatay?

Alam kong ano ang dapat kong maramdaman
Ako ay nag-aalinlangan sa aking isipan
Dahan-dahan, humakbang ako pasulong, pigil ang aking paghinga
Sinusulyapan ko ang nakaraan at kung ano ang aking naiwan

Lahat ng mata ay nakatingin sa akin
Nag-iisip kung ano ang aking gagawin
May pag-aalinlangan itinapon ko ang mga luma
Habang buong kasiyahan inabot sa akin ng Diyos ang bago

Ang bago ay mas malakas, masaya, mas ganap
Higit pa sa aking pinangarap
Handa nang hindi lumingon
O Kaya'y tila, o parang…

Minsan naaalala ko ang mga nakalipas na panahon
Ang pagiging muwang na parang bata na nawala
Ngunit pinalitan niya ito ng pananampalatayang nakaka-pagpahinga
Batid na sulit ang halaga nito

Kaya kapag naramdaman kong nalulunod na ako sa mundong ito,
Sinusubukan ang mga bagay na nakakapagpababa
Tatalikuran ko ito at itutuon ang aking paningin
Sa nag-iisang mahalaga sa akin

Amanda Twellman, 11/29/02

# MAS MAGANDANG ARAW

Ipikit ang aking mga mata
Inaanod papalayo
sa pag-iisip ng mas magandang araw
Naalala ko ang mga nakaraan
Pangarap ko ang kinabukasan
Kahit ano maliban sa kasalukuyan
Napakaraming beses akong nanghihina
Pagod
Bigo
sa kawalan ng pag-asa
Gusto ko ng sumuko
Lumalaban para sa aking kinabukasan
Ang tanging bagay
Na nagpapanatili na maging matatag ako
Buong araw nakangiti ako
Nagkukunwari akong hindi masakit
Nananatili akong matatag hangga't kaya ko
Ngunit walang nakakaalam ng katotohanan
Sa gabi kapag nag-iisa
Hinahayaan kong tumulo ang aking luha
Umagos sa aking mukha
Hindi ko sinusubukang pahirin ito
O pigilan
Tumatawag ako sa Panginoon
at nagsusumamo na ibalik ang dati kong buhay

lahat ay nais tumulong
nag-aalok na hawakan ang aking mga kamay
ngunit walang lubos na nakakaunawa
kung ano ang pakiramdam...
patuloy na lumalagas ang aking buhok
Ang pangit ng pakiramdam ko
Hindi akin ang katawang ito
Hindi ko maplano ang kinabukasan ko
Nanghihina na ako
Bahagya ko na lang nararamdaman na ako ay buhay
sumasakit ang puso ko
hindi na kayang umiyak ng mata ko
Ayaw ko nito
Ayaw ko sa ginagawa nito
sa akin
sa aking pamilya
sa lalaking magiging kabiyak ko
sa mga kaibigan ko
sana matapos na agad ito
paalisin mo na
Panginoon, bigyan mo lang ako ng lakas
huwag kang aalis sa aking tabi
hanggang sa ang pangarap kung mas magandang araw
ay hindi na isang pangarap lamang.



Amanda Twellman
12/29/02

# HINDI ANG SAGOT NA NAIS KO

Gab-gabi nakaluhod ako
Sa pare-parehong dasal nagsusumamo sa Iyo
Umaasa sa isang sagot lang
Ang paghihintay ay hindi kayang tiisin

Sa wakas dumating ang iyong tugon
Sadyang malinaw at hindi maikakaila
Subalit hindi naman ito ang sagot na nais ko, Panginoon
at sa unang pagkakataon ako ay napuno ng takot

Sa isang sandali ng kalungkutan,
walang patid na luha sumunod ang kawalang tiwala
Panginoon, ano ang iyong plano
Sigurado na matutulungan mo ako

Pagkatapos ay malumanay siyang nagsalita sa aking puso
Ibinunyag ang kanyang mabuting kalooban
Ang aking patuloy na kahinaan ay niluluwalhati ang kanyang lakas
Kaya sa pagkamangha ako ay natigilan

Nagigising ako tuwing umaga
Na may malaking ngiti sa aking mukha
Hindi man tiyak sa darating na bukas
Ngunit laging tiwala sa kanyang biyaya

Kaya hinding-hindi ako mawawalan ng pananampalataya
Habang tinuturuan niya akong magtiyaga
Kahit nasa pagsubok ang kaligayahan ko ay umaapaw
Batid kung sa isang maluwalhating araw
Papahirin Niya ang bawat luha!

Amanda Twellman
1/16/03

*Ang kagandahang-loob ko ay sapat na para sa iyo, sapagkat lubusang naghahayag ang aking kapangyarihan kapag ikaw ay mahina.*
**2 Corinto 12:9**

# PAGDARASAL NA MAY PAGTITIIS

Pagod at nasisiraan ng loob
Makalagpas mula sa mga pasakit at unos
Nahihirapan maging madasalin habang nagtitiis
Ang pananampalataya ko ay pagod at pudpud

Patuloy na lumalaban na maging matatag
Ngunit tila ang katapusan ay patuloy na lumalayo
Tinatanong ng mga mata ko ang tahimik na langit
Ngunit ang aking mga labi ay hindi tumitigil sa pananalangin

Habang hinuhubog niya ako ayon sa Kanyang layunin
Nagiging dalisay ang aking pananampalataya
Biglang bawat isang madilim na ulap
Napuno ng guhit na pilak



Hindi na natatakot sa kinabukasan
O mga bagay na higit sa aking kontrol
Nakatuon ako sa walang hanggan
Ang kalagayan ng aking kaluluwa

Pagkatapos....

Ang sagot na gusto ko
Sa isang panalangin mula sa nakaraan
Sa lubos na paghanga ako ay hindi makapagsalita
Tumambad ang liwanag


Itinutuon ang aking mga mata sa langit
Kapag nagpapasalamat ako at hindi lang natatakot
Sa pagkamangha ako ay napaluhod
Dahil ako ay may takot at kahanga-hanggang nilikha

Mamuhay bilang isang pribilehiyo
Dagling naging malinaw ang kahulugan
Habang hinihintay kung ano ang kanyang pinaplano
Nakangiti na may matamis na pananabik

by:
Amanda Twellman,
9/1/03



# NASUKOL



Nasukol sa pagmamadali
Araw-araw kang gumigising
Nagpapasalamat ka ba talaga
Mayroon ka bang oras upang
manalangin?

Labis na nababahala at naguguluhan
Habang ang mga pagsubok ay dumarating
Hindi ka pamamahalaan ng pag-aalala
Kung may pananampalataya kang manalangin

Nakatuon sa hinaharap
Nakakalimutang lasapin ang ngayon
Nawala na ang nakaraan, pinatawad ka na
Huminto ka, huminga ka, at manalangin

Tahimik kang nagtatrabaho
Naghihintay sa araw na iyon
Magaling, mabuti at tapat na lingkod....
Ang tanging sasabihin niya

Amanda Twellman
9/18/03

# WALANG PATID NA MGA PANGAKO

Amanda Dieppa, 2003

Kapag ang lahat ay maayos
At mayroon akong isang
perpektong araw
Kay daling purihin ka
At masaya akong nagdarasal

Unti-unti kitang nakalimutan
"Kaya ko ito mag-isa"
Ang kawalan ay gumagapang
papasok
At nagsisimula akong makaramdam
ng pag-iisa

Patuloy kang kumakatok
Ngunit ang puso ko'y ayaw kang
papasukin
Dahil ako ay labis na abala
Sa aking sakdal na kasalanan at pag-
aalala

Masyadong tamad at matigas ang
ulo
Na amining ako ay mahina
Kaya ako ay naligaw sa dilim
Samantalang ikaw ang kailangan
kong hanapin

Dala ang sarili kong pasanin
Sobrang bigat, ako ay nadapa at
bumagsak
Nakakalungkot, kinakailangang ako
ay mabigo
Para turuan akong magpakumbaba

Ang daan ng buhay minsan lumiliko
sa magulo at mahirap
At mayroon akong napakahirap na
araw
Galit ba ako sa Diyos
Dahil hinahayaan niyang dumating
ang mga problema sa aking buhay?

Nang bigla kong naisip ang kanyang
mga pangako
Para sa walang hanggan lahat ay
iniingatan niya
Sinabi na hindi niya ako iiwan
Pero hindi niya pinangako na ako ay
hindi mahihirapan

Inaakay niya akong dumaan sa apoy
Bigyan mo ako ng lakas para harapin
ang mga pagsubok
Mag-isa hindi ko kayang humakbang
kahit isang pulgada
Kasama si Kristo kaya kong pumunta
ng isang milya

Kaya kapag ang lahat ng nangyayari
ay mali
At kinakaharap ko ang
pinakamadilim kong mga araw
Ang mapagmahal, tapat na Diyos
ang umaalalay sa akin
Na nararapat na laging purihin!



# PAGBAWI

Napatigil at hindi makapagsalita
Ang puso ko ay parang dinudurog
Ang buhay na tila ay matatag, walang kapintasan
Hanggang sa ang pag-asa ko ay masira

Pakiramdam ng nawalan
Ang pananampalataya ko ay nayanig at nabigla
Tuliro sa takot at pagkalito
Biglang binawian, pakiramdam ko ako ay pinabayan

Sa aking kaibuturan alam ko ang katotohanan
Ang pag-ibig niya ay palaging nandiyan
Ngunit may bahagi ng sarili kong tumatangis sa pagkabigo
Dahil ang buhay ay sadyang hindi makatarungan

Nahihirapan akong maging isang halimbawa
Patuloy kong hindi magawa kung ano ang tama
Sa kawalan ng pag-asa ako ay bumagsak sa lupa
Pakiramdam na naiiwan sa dilim

Ngunit isang maliit na sinag ng pananampalataya
Pumasok sa aking isipan
Nabuo sa mga pagsubok ng aking mga nakaraan
Na patuloy sa pagiging dalisay

Hokas at lantad
Pananampalataya, ang tanging natira sa aking mga kamay
Masaya na walang ibang kailangan
Matatag na tumayo at ituloy ang kabanalan



Amanda Dieppa 2/26/04

# UMAAPAW NA SARO

Pagod na pagod sa buhay na ito
Panginoon, hayaan mo na lang akong sumuko
Alisin ang sakit
Alisan ng laman ang aking saro

Ang dalamhati ng aking kaluluwa
Nakakulong sa aking loob
Pinipigilan ang pagbaha ng luha
Bawal akong umiyak

Ang kahinaan ko bilang tao ay dinaig ako
Nabulag ako sa emosyon
Nalulunod sa kawalan
Buhay, isang magulong karagatan

Ang aking mukha, nakangiti sa harapan
Pinagtataksilan ang totoo kong nararamdaman
Ang puso ko, labis na nasaktan dahil sa kabiguan
Lumalaban sa laban na hindi ko naman kayang mapanalunan

Tulong, tanging pag-asa ko
Na pareho ngayon, kahapon at bukas
Huwag hayaan ang liwanag sa loob ko
Maanod sa alon ng kalungkutan

Ang kumakapit kong pananampalataya ay mahina
Ang lakas ng loob ko ay naubos na
Subalit ako ay naniniwala, nagtitiwala at naghihintay
Para sa isang araw....
Kung saan hahayaan niya na ang aking saro ay mag-uumapaw



**Amanda Dieppa**
**3/3/04**

# MABUHAY SA PUSO

Amanda Dieppa 3/24/04

Nakaupo walang layuning naghihintay
Hinahayaang lumipas ang buhay
Sabi mo hindi para sa iyo ang Diyos ko
Maaari mo ba akong bigyan ng magandang dahilan kung bakit?

Sabihin mo sa akin na ang aking pananampalataya
Ay isang kapaki-pakinabang na maliit na saklay
Hindi ka madaling malinlang
Kailangan mo ng ebidensya, katibayan, bagay
na maari mong mahawakan.

Sinasabi ng ilan na walang Diyos
Habang naglilingkod sila sa isa ara-araw
Ito ay nagkukubli sa sarili
At lagi ng gustong magwagi

Nararamdaman mo ang kawalan
Na nagpapahirap sa iyong kalooban
Ikaw ay lugmok sa awa sa sarili
Nilukob ng makasariling pagmamataas

Namumuhunan sa mga bagay na walang kabuluhan
Mga bagay na hindi magtatagal
Tinangihan mong isuko ang iyong buhay
Dahil ikaw ay nakaranas masaktan


Tinangihan mong kilalanin ang Panginoon
Pinupulaan mo ang aking pananampalataya
Nabubuhay ka sa iyong makapangyarihang talino
Habang ako ay nabubuhay na may masayang puso

Ang aking pananampalataya ay isang makapangyarihang katalista
Ang pananampalataya sa iyong sarili, ay isang hadlang
İtinayo mo ang iyong buhay sa buhangin
Habang nakakapit ako sa batong walang hanggan



Kumapit sa sarili mong katalinuhan
At ikaw ay malulunod  sa iyong makasariling diwa
Sinusubukang pagkasyahin ang lahat maliban sa Diyos
Sa walang laman, hugis-Diyos na butas.

Itigil ang pag-aksaya ng iyong mahahalagang oras
Walang layunin at bulag
Tumakas mula sa bilangguan ng pagmamataas
Para sa araw na iyon, kapag nagbigay ng
ebidensya ang Diyos, patunay, isang bagay
na hindi mo maitatanggi –
Hindi ka maiiwan.




# PATULOY NA PASASAKOP

Isang mahabang panahon ang nakalipas
Ang buhay ko ay isinuko
Alam ang aking mga pagkukulang
Kaya malinaw na naaalala ko

Pinaubaya sa kanya ang ganap na
pamamahala
Tiwala sa kanyang pangangalaga
Umaasa sa kanyang lakas
Walang bigat na hindi ko makakaya

Subalit ako ay dahan-dahan lumayo
Sa kanyang mahalagang paningin
Binawi ang minsan ko ng isinuko
Dinala ang hindi na magaang pasanin

Naipit sa walang katapusang silo
Ang buhay na ito ay nakakalito, magulo
Ang aking patuloy na mga kahinaan, pagka-
kasala
Iniwan akong hirap at bigo

Gayunpaman ang Panginoon ay buong pag-
mamahal na naghihintay
Matiyaga walang pagmamadali
Patuloy niya akong sinisiguro
Hindi ako kailanman walang pagkakataon
na magtagumpay

By Amanda Dieppa 6/16/04

# MAPANGLAW NA SANDALI

Anong nangyayari kapag sinusuri ko ang aking sarili?
Pakiramdam ko wala akong pag-asa at puno ng kalungkutan
Ano ang mangyayari kapag tumingin ako sa paligid?
Ako ay nalulumbay at natatakot sa kinabukasan

Kung ang buhay na ito ay tulad ng isang pagsusulit
Natatakot akong mabigo ako
Sobrang hina, nalilito, natatalo kapag may mga pagsubok…
At ngayon ang walang humpay na hirap ay bumubuhos

At kapag nabibigo
Sinubukan ng ilan na sirain ako
Tinalikuran nila, benabalewala ako
Mag-isa dahan-dahan ako ay lumulubog at hindi makahinga

Sa gitna ng mapanglaw na sandaling ito
Nabulag sa pag-agos ng luha
Anong nangyayari kapag tinititigan ko Siya?
Naiintindihan niya ako at naririnig niya

Nagbibigay sya ng walang hanggang pag-asa
Sa pamilya at kaibigan ako ay makakaasa
Ang nag-iisang ginhawa
Ang buhay na ito ay hindi ang katapusan

Amanda Dieppa, 6/18/04



# SA ISANG SANDALI

Lubos akong nagpapasalamat, nagpapasalamat, nagpapasalamat
Para sa mga biyayang nag-uumapaw
Kahit na hindi ako karapat-dapat kahit isa
Ang pagmamahal niya ay nararamdaman at alam ko


Lubos akong minamahal, minamahal, minamahal
Bilang kanyang bituin nais kong mag-ningning
Nakikita nya ako, nakangiti, at tanggap
Anak, ikaw ay akin!

Lubos akong napupuspus, napupuspus, napupuspus
Sa kanyang kagalakan at banal na espiritu
Nakikita ko ang kanyang ganap na kaluwalhatian
At ninanais ko itong tularan

Lubos na payapa, payapa, payapa
Batid na siya ang namamahala
Namumuhay sa isang buhay na masalimuot niyang pinlano
Ang taga-disenyo ng aking kaluluwa

Ako ay naghihintay, naghihintay, naghihintay
Sa aking Panginoon na tuparin
ang kanyang mga pangako
Pinapanatili ng tiyak na pag-asa
Handa sa isang sandali

By Amanda Dieppa, 7/14/04



# BUKSAN ANG AKING MGA

Nabulag ng mga luha
Nabulag ng mga takot
Parang walang paraan
Nakulong sa isang hawla
Humahangos sa paghinga
Masyado ng mahina para sumigaw at humiyaw

Ang puso ko at kaluluwa
Nawalan na ng lakas
Pakiramdam ko naubos lahat ng pananampalata-
ya ko
Sumisigaw ako
Ng paulit-ulit
“Mangyaring kunin sa akin ang sarong ito”

Lumipas ang oras
Dumaan ang mga araw
Gumagalaw ang mundo habang ako ay tuliro
Ilabas mo ako sa kulungang ito
Alisin mo ang sakit na ito
Imulat mo ang aking mga mata sa mala pala-isi-
pan mong kalooban

Bumagsak agad ako
At bumangon muli
Para matumba ulit
Talo ako sa labanang ito
Nawawala sa isip ko
May paraan ba talaga para ako ay manalo?
Ang tiwala ay naglalaho
Ang pag-asa ay humihina
Kahit na lumalaban ako na mapagtagumpayan ito

# MATA

Bakit ang layo mo
Bakit ka tahimik
Kung kailan kailangang kailangan kita?

Nilikha mo ang kaluluwang ito
Ikaw ang nagbigay buhay dito
Kaya naman nagtatanong ako
Ako ay talunan, galit
Nag-aalala at nasisiraan ng loob
Mayroon bang ibang paraan?

Isang pusong nagliliyab
Isang pananampalatayang hindi natitinag
Kapag napukaw sa kanyang loob
Ngayon ako ay naiwan
Sa kawalan
At wala ng mapagtataguan

Alisin mo
Alisin mo
Pakiusap, nakikiusap pakinggan
mo ang daing ko
Kung anuman
Ang pinaplanong gagawin mo---
Hayaang makita ko.

Amanda Dieppa
12/27/04



*Sinabi ni Hesus "Naparito ako sa mundong ito upang humatol, at nang sa gayo'y makakita ang mga bulag at mabulag naman ang mga nakakakita..."* ***Juan 9:39***

# KAPUNUAN

Isang payapang pakiramdam ng kapunuan
Tumatagos sa aking kaluluwa
Ang puso ko ay hindi na naliligalig
Ang pakiramdam ko ay buo at lubos

Ang kawalang-kabuluhan ng buhay
Ngayon biglang pinalitan
Nang mga umaalab na hangarin
At wala akong oras na sasayangin

Bago pa man ako isinilang
Kasama ako sa mga plano mo
Ang iyong maibiging saloobin tungkol sa akin
Mas marami pa kaysa sa buhangin

Kaya't sinisikap kong mamuhay nang may kahulugan
At tanggihan ang mga bagay na walang kabuluhan
Nangangako akong gawin ang aking bahagi
Nalalaman kong gagawin mo ang iba

Amanda Dieppa, 1/24/05

*O Diyos, hindi ko lubos maintindihan ang mga iniisip nyo; ...Kung bibilangin ko ito, mas marami pa kaysa sa buhangin.*
***Salmo 139:17-18***

# PANSAMANTALANG MGA PAGSUBOK

**Pagsubok pagkatapos ng pagsubok**
**Kabi-kabilaan ang pagpapahirap sa akın**
**Tahimik na nagtitiis**
**Isa pang pagsubok sa buhay**

**Araw-araw**
**Ako ay nahihirapan at sinusubukan**
**Na harapin ang mga pansamantalang suliranin**
**Nang hindi nagtatanong, “bakit?”**

**Panahon pagkatapos ng panahon**
**Dumadaan ako sa mga tagumpay at kabiguan**
**Magtagumpay man ako o mabigo**
**Ang pananampalataya ko ay patuloy na lumalago**

**Oras pagkatapos ng oras**
**Ang aking pananampalataya ay nagiging maligamgam**
**Pagkatapos ay muling nag-alab**
**Nang ako ay makilala sa gitna ng unos**

**Tagumpay pagkatapos ng tagumpay**
**Ibinigay ko sayo ang lahat ng karangalan**
**Sa bawat pangangailangan ko noon**
**Nakita mo ito at iyong tinugon**

**Amanda Dieppa**
**2/2/05**



# WALANG KAMATAYANG PAG-ASA

Hinihingal sa takot
Hindi ko maramdaman ang aking puso
Pinagmamasdan ang sarili kong mga pangarap
Nasira, gumuho

Ang parehong labanan
Na aking nilabanan sa loob ng maraming taon
Ang aking pinakamalaking takot, ay isang katotohanan
Tanging tugon ko, luha

Malakas pa rin kay Kristo
Ngunit nakikita ang aking kahinaan
Kapag nasa kanya na ang lahat
At wala na akong magagawa

Sa sandaling ako ay mahina
Ang pananampalataya ay nagkakabisa
Alam kong nasa mga kamay niya ako
Kung saan ako ay parating naroroon

Alisin ang lahat
Harapin mo ako nang may tiyak na kamatayan -
Sasabihin ko na ang Diyos ay mabuti
Hanggang sa aking huling hininga

Ang buhay ko ay maikli at panandalian
Ngunit ang aking pag-asa ay walang kamatayan
Kahit anong mangyari,
Hindi ko malilimutan ...
Siya ang aking bibigyan ng kaluwalhatian

Amanda Dieppa 2/7/05

# WALANG HANGGANG PASANIN



Tulungan mo akong maunawaan,
Panginoon
Natatakot akong tanungin ka kung bakit
Bakit sobrang sakit, Panginoon
Sobrang nagpapaiyak sa akin?

Ang aking mukha ay nabahiran na ng
luha
At ako ay humihingal sa paghinga
Pakiramdam nang nakakulong at may
walang hanggang pasanin
Para sa isa ito ay napakaraming dalahin

Sa kabila ng bawat pagsusumikap ko
Ang maalala na Ikaw ay na andiyan
Bumibigay pa din kapag nahihirapan
Sumusuko kapag wala ng maasahan

Dinidikta ng aking isip na "pumanatag
ako"
Ngunit ang puso ko ay humihiyaw
Pagod na siyang masaktan
At sinasabi hindi ako kailanman
mananalo

Ang kalungkutan ay hindi na iba sa akin
Ang pag-asa ay tila malayo
Pinahina ng buhay na ito
Ang magdasal ay kinatatakutan ko

Alam kong mayroong plano
Ngunit natatakot akong isabuhay ito
Gusto kong tumalikod
At sumuko sa aking pagdududa

Tulungan mo akong maniwala,
Panginoon
Natatakot ako na mabigo kita
Nahihiya ako na kahit kailan ipau-
baya
Kaya tahimik ako ay nahihirapan

Amanda Dieppa
2/25/05

Ilagak kay Yahweh iyong suliranin, aalalayan ka't ipagtatanggol rin;
ang taong matulog, di niya bibiguin. ***Salmo 55:22***

# PULUTIN ANG MGA PIRASO

Sa isang kisap-mata ang aking buhay ay dumaan
sa aking harapan
Inilibot ko ang tingin sa aking paligid
Mga piraso ng nasira kong sarili
Ay nagkalat sa kapaligiran

Sinubukan kong kunin ang mga ito
Para maibalik sa dating pwesto
Kapag hindi ko magawa
Nakahiga ako doon sa kahihiyan

Ang aking matibay na pananampalataya ay
nabawasan
Nangyari sa aking harapan
Walang oras sa pagkukunwari
Ang sakit ay hindi maikukubli

Dating malakas na parang bato
Dahan-dahan ako ay natinag
Nabawasan hanggang maging isang maliit
na bato
Na wala nang natirang matatakbuhan

Panginoon, sa aking kaibuturan nararamdaman
kita
Ngunit ang aking kaluluwa pakiramdam
ay nag-iisa
Ang  paghihirap sa mundong ito
Pinaiyak at pinapadaing ito

Mangyaring kunin ang mga piraso
Gawin mo akong mabuti na parang bago
Turuan mo akong maging panatag
At ibigay ang mga alalahanin sayo

Amanda Dieppa
2/28/05


ISANG TULA PARA KAY AMANDA MULA SA KANYANG KAPATID NA SI LAURA



# IBABA ANG MGA PIRASO

Kapag ang iyong buhay ay dumadaan na parang kisap-mata sa iyong harapan
Hindi na kailangang tumingin sa iyong kapaligiran
Kasama ang makapangyarihang Diyos,
Sa pamilya matatagpuan ang iyong kaginhawahan.
Ilapag ang mga piraso,
Huwag itong ibalik sa dating pwesto.
Kunin ang telepono at alam na darating ako,
Para makatulong  sa kinakaharap mo.
Ako ang humihiga sa kahihiyan,
Kapag nakikita kong kakaunti lang ang magagawa ko.
Pero alam kong malaki ang tiwala mo,
Binugkos mo ang pamilyang ito.
Ipinagmamalaki ko ang mga nagawa mo,
At kung gaano ka katatag nuon pa man,
Kahit na sa tingin mo ikaw ay isang hamak na maliit na bato,
Ano naman kaya ako?
Isang butil ng alikabok sa paningin mo,
Handang dumamay sa oras na ikaw ay nahihirapan.
Mangyari sanang huwag isipin na ikaw ay nag-iisa Amanda.
Alam kong hindi ako naging kapatid na karapat-dapat,
Ngunit gusto kong malaman mo na mahal kitang labis,
At kung ako ay kasing lakas mo,
Mas mabuti sana akong tagasuporta at Kristiyano, gagawin ko.

Laura Twellman  2/28/05





# DIYOS?

Hindi ako makahinga
Humihingal at pinipigilan ang mga luha.
Hanggang kailan ko kayang dayain
At labanan ang aking mga takot?

Ang buhay ay kumakalas
Isang sinulid sa isang pagkatataon
Pabilis ng pabilis
Nagsisimula na akong makalas sa pagkakaikid.

Naghahanap ako ng mga sagot
Mahirap silang hanapin
Malapit na malapit na
Ang lubos na pighati ay magiging akin.

Pakiramdam ko hindi ako nagpapasalamat
Panay ba ang aking reklamo?
Hindi nuong nakaraang buwan
Na maayos ang aking pakiramdam.

Kung gaano kabilis nagbabago ang mga bagay,
Saan patungo ang aking buhay?
Pakiramdam ko ay nawawalan ako ng pagkakapitan
Ayoko ng hindi ko nalalaman.

Si satanas ay bihasang nagtatahi,
Minamadaling baguhin ang aking buhay,
Tinatahi ang pag-aalinlangan at pagdududa
Pagkatalo ang nararamdaman ko sa takbuhan ng buhay na ito.

Wala akong kontrol,
Lumalaban akong kumapit
Iligtas mo po ako Panginoong Hesus,
Lahat ay lubhang mali.

Halos hindi mabata ang trabaho,
Araw-araw na pagkabigo ay patuloy na dumarating,
Bigyan mo ako ng pasensya, ang akin ay may deperensya
Pinakamaliit na galit ay tinatakbuhan ko

Nalilito sa sangang-daan,
Alin ang pipiliin ko?
Natigilan ako sa gitna,
Takot na magkamali.

Itong bigat sa balikat
Ay medyo mahirap dalhin
Ako ay lumulubog sa kumunoy
Nandiyan ka ba Panginoon?

Ibinigay ko sa Iyo ang aking mga pasanin
Mangyari Panginoon, kuhanin Ninyo lahat.
Nanghihina ako Panginoon
Natatakot akong mahulog.

Narinig ko na kung hihingi ako,
Ako ay makakatanggap,
Ito ay mas mahirap na gawain
Kaysa sa paniwalaan ko.

Sige kunin mo sila...
Ipipikit ko ang aking mga mata ng may pananabik.
Hindi ba nakarating sa iyo ang aking mga panalangin?
Ang buhay ay sadyang mahirap unawain.

Gusto kong ibigay sa Iyo ang aking mga alalahanin,
Ano pa ang magagawa ko?
Alam kong may kulang ako
Ako ay nagtatanong sa Iyo ...

"Nasaan ang liwanag,
sa lagusang ito?" Nabulag ako
"Kung ibibigay ko sa Iyo ang aking suliranin,
tutulungan mo ba akong ito ay hanapin?"

Ang pagkabigo ay balewala
Itong pakiramdam na hindi ko kayang ipaliwanag
Sinusunog nito ang loob ko
Pinagmumulan ng patuloy na sakit.

Sa tingin ko ito ay ang aking puso,
Nasaktan na ng maraming beses,
Ako na ang mangunguna sa kapatid ko,
at ayusin ito sa pamamagitan ng mga tula.

Nararamdaman ko sa aking pamilya
Ang matinding pananabik para sa kapayapaan
Araw-araw na nahihirapan para sa isang bagay
Na mawala ang kirot na nararamdaman

Patuloy ang buntong-hininga,
Pinag-usapan nila ang pagkatalo,
Hindi maipahayag sa mga salita
Bumagsak kami sa Iyong paanan.

Nagtitiwala kami sa Iyo, Panginoon
Alam mo kung ano ang iyong ginagawa
Ngunit naghahangad kami ng kasagutan
Sa mga kalungkutan na aming tinitiis.

Bakit kami?
Bakit ngayon?
Ano ang hindi pa namin natutunan?

# Hindi kailanman itinatanggi ang Diyos - Mga tanong lang sa Diyos

Alam kong ang mga kasagutan ay naghihintay
Sa langit para sa amin
Dadaan tayo sa pakikibaka
Na umaasa sa purong tiwala.
Umaasa sa pananampalataya
Ay mahirap gawin
Tulungan mo akong manatiling matatag
At nakatuon sa Iyo.

Pananampalatayang tulad ng buto ng mustasa
Iyon lang ang mayroon ako
Iyon lang ang kailangan mo
At lahat ng dinala ko.

Gusto ko magdala ng higit pa
At minsan ginagawa ko
Mahigpit na hinahawakan ng aking mga kamao,
Ngunit tila nalalaglag pa rin ito.

Umiyak na ako sa iyo dati pa
Tungkol sa mga nagpapabigat sa aking puso
Bakit ako umiiyak sa Iyo sa gabi
Nag-iisa dilim.

Patuloy akong nag-iisip
Nakikipagtalo ako sa aking isip
Nilalabanan ko ang aking katwiran
At nag-aalinlangan sa Dakilang Banal.

Nahihirapan ako sa mga rason
Sa mga bagay na hindi ko maunawaan
Bakit mo ginagawa ang mga bagay
Na para bagang kami ay pinaglalaruan.

May plano ka
Na angkop para sa aming lahat
Alam kong naririnig mo ako
Sumasagot ka sa mga tawag ko.

Pinili kong hindi marinig ang mga ito
Hindi muna
Binabalasa mo ang mga baraha
At natatakot ako kung ano ang makukuha.

Kita mo, may isang bagay
Na lihim kong hinihiling,
Isang pagnanais para sa aking kapatid
Na hindi magwakas

Ako ay makasariling umaasa
Palihim kong ipinagdarasal
Ang layunin mo para sa kanya
Hindi pa tapos ngayon.

Umaasa akong kailangan mo siya dito
Para sa mahabang panahon
Huwag mo siyang dalhin sa mundo mo
Kailangan ko siya dito sa akin.

Natatakot ako kung paano ko ito tatanggapin
Kapag sinabi mong tapos na siya
Kapag kinuha mo siya sa amin
At sinabi "sapat na"

Iyan ang iniisip ko minsan
Sa kaibuturan ng aking puso
Sa mga sandaling kahinaan
Ako ay nasasaktan

Sa kaibuturan ng aking kaluluwa
Mas malalim kaysa makasariling posisyong ito
Nakikita ko higit pa sa takot ang mawalan,
Ang aking pag-aalinlangan.

Higit pa sa nararamdaman ko
Na nais na siya ay manatili,
Umaasa ako Panginoon, dalhin mo siya sa langit
Nang siya ay gumaling.

Wala ng sakit at paghihirap
Bagay na alam kong ibibigay mo.
Ngunit higit pa sa pagkakaroon ng bagong katawan,
Ito ay kung para siya saan.

Hindi ito ang dapat kong kalagyan
Magiging masaya akong makasamang muli
Ikaw at maging malaya
Kung may pagkakataon siyang maabot ang layuning iyon
Hindi ako ang pipigil sa kanyang kaluluwa.

Tayo ay nakalaan para sa isang bagay na mas mabuti
Ang langit ang lugar kung saan dapat tayo naroroon
Kaya kung kinakailangan niyang lumisan, hahayaan ko siya,
Lamang ay walang kaluguran.

Lisa Twellman, 2/28/05

# AYON SA PLANO

Ni Ama: 02/28/05





Ano kaya ang pakiramdam
Ang buhay na walang sakit
Isang espirituwal na katawan
Walang kulubot o bahid

Paano ang isang uod
Nalaman na siya ay nasa loob ng kukun
Ito ay lalabas na isang paru-paro
Na maaaring magwagayway at
mawawalan ng malay

May plano ang Diyos
Ngunit pinipigilan ako ng takot
Mula sa kagandahan at kaluwalhatian
Ng isang bagong katawan na banal

Ipagpapalit ko ang aking katawang lupa
Para sa isang gawa ng kanyang kamay
Naghihintay ito sa aking pagdating
Ayon sa plano

Kaya bakit ako matatakot
At umiiyak sa paghihirap
Totoo ba talaga ang Diyos
Ang buhay ba ay isang pagsubok

Ako ay nanalangin at ako ay
nahihirapan
Ngunit patuloy na lumalago
Mas malapit sa iyo Panginoon
At sa init ng iyong liwanag

Kinakabahan ako at nasasabik
Na makita kung ano ang naghihintay
sa langit
Ang perpektong espirituwal na
katawan
At marami pang iba

Sa mga naniniwala
Makahanap ng tunay na kapayapaan
sa iyong puso
Pagtagumpayan ang mga takot
Ng kamatayan at sakit

Balang araw mamamatay tayo
Bawat bata, babae at lalaki
Kaya't mamuhay ng matalino
Ayon sa kanyang plano


# PALAD NG INYONG MGA KAMAY

Ang mundo ay akin
Lahat ay pinagplanuhan ko
Mga lugar na pupuntahan
Mga taong dadalawin
Hinawakan ko silang lahat sa aking mga kamay

Hindi ko alam
Nagkamali ako sa lahat
May mga pagsubok na haharapin
Pananampalatayang patutubuin
Ang paglalakbay na naghihintay, nakakapagod at mahaba

Sinubukan kong gawin kung ano ang tama
At akala ay panalo na ako
Handang mabuhay
Upang kumilos at magpatuloy
Para lang mapagtanto, na nagsisimula palang ako

Ang mundo, ay hindi akin
Lahat pinagplanuhan mo
Maraming katanungan
Ang pananampalataya ay patuloy na lumalago
Ako ay hihimlay sa palad ng inyong mga kamay



Amanda Dieppa
4/7/05

# HINDI PA

Hindi ako nagdududa na ikaw
ang may kontrol
Ngunit may isang bagay nag-
aapoy sa loob ng aking diwa
Ang kalooban kong mabuhay
Higit pa sa apoy
Nagliliyab ito
Tumatangging humina

Matupad ang iyong kalooban- huwag muna
Napakarami kong pangarap, napakaraming
pinagsisisihan
Hindi ko sinasadyang mag-aksaya
Bawat mahalagang araw
Naghahanap ng sarili kong kalooban
Naliligaw

Ngayon ang orasan ay patuloy sa paggalaw
At ibibigay ko ang lahat huwag lang magka-sakit
Ako ay nagmamakaawa at nagsusumamo
Para lang gumaling
Minsan natatakot
Na selyado na ang aking kapalaran

Huwag mo akong kuhanin, huwag muna
Ako ay sobrang pinagpala, ang kinabukasan ko ay
nakatakda
Ang kabataan ko ay umiiyak
Ang puso ko ay umaapoy…

Ngunit saglit….
Ang pag-ibig mo lang
ang aking kailangan.

Amanda Dieppa
04/20/05



# NAGHIHINTAY PA RIN

Bakit, Panginoon, Bakit?
Ako lumalaban ng mahaba
at matagal
Para lang makakuha ng
isang pulgada
At bawian ng isang yerda?

Saan, Panginoon, Saan
Ako maaring tumakbo at ligtas na magtago
Para lang makalayo
Mula sa tinik na ito sa aking tagiliran?

Kailan, Panginoon, kailan
Kaya matatapos ang bangungot na ito?
Naghihintay ng anghel
Natatakot ako na kailanman hindi mo
ipapadala

Paano, Panginoon, paano
Mo hinahayaan ang sobrang sakit
Kapag ako ay sumisigaw ng pananampalataya
At hinahayaan mong ito ay manatili?

Sino ang lalapitan ko
Kapag pakiramdam ko ay wala ka?
Ano ang gagawin ko
Kapag pakiramdam ko ay wala kang
pakialam?

Hinihintay ko pa rin ang anghel
Ngunit ang pagdududa ay nawala
Sa isang pusong masaya
Inaasam ang araw na iyon
ay darating

Amanda Dieppa
6/13/05






# ANG PAGMAMAHAL NG ISANG KAPATID

Mas mabuti nga ba ang magmahal at mawalan kaysa hindi kailanman magmahal?
Maglalakas-loob ba ako na ibigay ang buong puso ko gayong nalalaman kong napakaliit ng kanyang pag-asa?
Hindi ba't mas madali ang lumayo, para ikanlong ang mahina kong puso,
Kung siya ay mawala, ang kaluluwa ko ba ay hindi masasaktan?
Sobrang masakit sapagkat hinayaan ko ang sarili ko na maging malapit
Kung masakit sa akin na makita siyang may sakit, ano na lang ang pakiramdam kapag siya ay nawala?
Noong una siyang nagkasakit tinakbuhan ko ito dahil natatakot akong mapalapit,
Naisip ko na kaya kong iligtas ang aking sarili sa pamamagitan ng pagbawas sa dosis ng kalungkutang nakamamatay.
Sabi nila pagsisisihan ko kung hindi ko siya makikilalang lubos,
Mahalin habang siya ay nandito sa mundo, bawat mahalagang minuto.
Nakinig ako sa mga inakala kong mas nakakaalam, mula sa mga nakaranas ng mawalan.
Kaya minahal ko ang kapatid ko ng buong puso, at hindi ko siya kayang mahalin ng higit pa.
Kaya't sa gabi, bago matulog ako ay nananalangin na sana makita pa niya ang bukas,
Sana ay iligtas ng Diyos ang kanyang buhay upang ilayo ako sa gayong kalungkutan.
Pinagmamasdan ko siya at ang sakit na kanyang dinaranas at inaamin ko na naiisip ko ang mga desisyon na ginawa ko
Ang magmahal ng walang pasubali na may pusong mahina ngunit hindi natatakot.
Kaya sa pagbabalik-tanaw ay masasabi kong hindi ko pinagsisisihan na ipagsapalaran ang aking puso,
Kung hindi ako nagmahal ng ganito, hindi ito magiging puso na nasusugatan.
Dahil kung hindi ko siya minahal at ibinigay sa kanya ang lahat,
Hindi ko kayang isipin ang pakiramdam ng nawalan kung hindi ko siya nakilala ng lubusan.

Lisa Twellman, 6/19/05

# HUWAG NA HUWAG KANG SUSUKO



hindi mo dapat isuko
ang pagnanais na mabuhay
maraming nangangailangan sa iyo
napakarami mong maibibigay

Alam kong mahirap ang buhay
at may mga araw na hindi ka makahinga
kapag sapat na ang pasanin
para ibagsak ang sinuman

tumingin sa Panginoon
na parati sa iyong tabi
at manalangin na ang kanyang salita
ay mabuhay sa iyong puso

nakipaglaban ka na dati pa
at hinarap ang iyong mga takot
nabubuhay sa isang araw sa isang pagkakataon
pinahaba mo ang mga taon

kaya isuot mo ang iyong baluti
at kunin ang iyong espada
para sa mga negatibong pag-iisip
na hindi natin kayang gawin

Sasamahan kita
sa bawat hakbang na gagawin
at ipagdiwang ang mga tagumpay
na sakupin ang bawat araw

Ni Ama: 6/20/05



# BUHAY NA GINAMIT, PATNUBAY SA PATUTUNGUHAN

Nagtatanong ka kung tungkol saan ang buhay
Bakit tayo nandito?
Sa galit tayo ay humihiyaw at sumisigaw
Ang ating layunin ay hindi gaanong malinaw

Ang ilan ay nagsasabi na ito ang paglalakbay
Tanging panahon lamang ang makapagsasabi
Ang iba ay nakikipagtalo sa patutunguhan nito
Magiging langit ba o impiyerno di kaya?

Kapag nabibigo sa buhay
At ang mga masasamang bagay ay nangyayari sa kapaligiran
Tatalikod ka ba kay Kristo
O mananatiling nakatayo sa matibay na bato?

Walang nangako na magiging madali
Para ibaling ang kabilang pisngi
Na ipagwalang bahala ang masama sa buhay
At magsikap na maging mapagpakumbaba

Pagseselos at pagnanasa
Ang nananaig sa ating materyal na isipan
Ninanais kung anong meron ang iba
Ay bahagi ng disenyo ni satanas

Kaya kapag ikaw ay sinira ng buhay
At nag-aalala na ito ay pagsubok
Panghawakan mo ang iyong pananampalataya magpakailanman
At huwag mag-alala tungkol sa iba pa

Ni Ama:6/23/05

# PAG-UNAWA SA SAKIT NA KANSER NA HINDI KASAMA ANG DIYOS

Panginoon, bakit ito nangyayari? Hindi ako makagalaw hindi ako makahinga. Sumasakit ang puso ko, parang pinip-ilipit at pinipiga at hinihila sa sampung iba't ibang direksyon. Hindi ko makita. Ang mga luha ay patuloy na isinasara ang aking mga mata. Sinusubukan kong kumurap para ito ay mawala, sinusubukan kong maging matatag. Ngunit ako ay nawawalan ng lakas ng loob, Panginoon. Ang buhay ko ay dumadaan sa aking harapan. Ang mga tanong ay nagpapahirap sa akin. Panginoon hindi ko na kaya ito. Huwag hayaang maulit muli.

Paano naman ang buhay ko? Kaka tubo lang uli ng buhok ko; inabot ako ng tatlong taon. Pakiusap huwag mo itong kunin sa akin. Paano naman ang mga plano ko? Gusto kong bumalik sa San Diego. Gusto kong mag-aral uli tulad ng iba. Dapat akong magtapos sa loob ng tatlong taon. Dapat akong maging guro, paano naman ang mga bata na maari ko sanang ma impluwensyahan na maging maayos ang kanilang buhay? Paano naman ang pamilya ko? Ang aking Ina? Ang aking ama? Ang aking mga kapatid? Ang aking munting kapatid na lalaki? Ako dapat ang nagsisilbing malakas na ate. Hindi ko kayang makitang pagdaanan nila itong muli...mas gugustuhin ko itong gawin mag-isa. Gusto kong makita si Lisa at Laura na ikasal. Gusto kong maging abay sa kanilang kasal. Gusto kong makita si Michael na magtapos ng high school. Gusto kong alagaan ang Nanay at Tatay ko kapag sila'y tumanda na. Ayokong inaalagaan nila ako...hindi dapat ganito.

Panginoon nalulunod ako...lumalala pa lalo...nasa bangungot ako. Hindi ito ang buhay ko. Hindi ito ang aking katawan. Gusto ko ng bago dahil sira ang isang ito. Ang katawang ito ay pinagtaksilan ako.

Panginoon hindi ako makapaghintay. Pinapatay ako ng paghihintay. Dahan-dahan ngunit tiyak na sinisira nito. Panginoon ayoko magpa-opera, huwag mong hayaan na hiwain nila akong muli. Ayoko na ng sugat Panginoon, paano ako mamahalin ng sino man sa ganitong kalagayan? Panginoon, huwag mong hayaan na saktan nila akong muli, magkasakit uli. Sabihin mo sa kanila na itigil ang pagbibigay sa akin ng swero, sabihin mo sa kanila na itigil ang pagsundot at pagturok sa balat ko, sabihin mo sa kanila na ihinto ang pag-uusap tungkol sa "chemotherapy" na ibibigay uli sa akin. Ama, dahil hindi ko na kayang gawin ito. Ayoko nang gawin itong muli. Hindi ko kaya. Huwag mo akong hayaan na lasunin nila. Ayoko ng magsuka araw-araw; ayoko nang may sakit; ayoko nang makita ang mukha ng aking mga magulang kapag narinig nila ako at kailangang tumakbo na natataranta para hugasan ang aking mangkok. Ayoko nang matulog sa sahig na nakabaluktot na parang isang bola. Gusto ko ang aking kama. Gusto ko ang buhay ko ngayon. Mangyaring huwag kunin ang lahat sa akin. Hindi ngayon.

Paano naman ang kinabukasan ko? Panginoon, paano naman ang kabiyak ko?
Mamahalin pa rin ba niya ako kapag ako ay maysakit, iisipin pa ba niya na maganda ako kapag kalbo at maputla at nauupos na? Gusto pa ba niyang tumingin sa mga kayumanggi kong mga mata kapag madilim at malalim at puno ng luha? Mananatili ba siya sa aking tabi? Tatakbo ba siya palayo? Paano ang pamilyang gusto kong magkaroon balang-araw, Panginoon? Paano ang mga anak na nais ko? Si munting Hayley at Evan. Panginoon, magkakaroon ba ako ng pagkakataon na maghanda ng kanilang tanghalian araw-araw at isulat sa kanilang mga napkin ang katagang, "Mahal kita"? Paano naman ang kabataan ko? Masisiyahan ba ako ng husto? Maipamumu-hay ko ba ito ng buo? Paano naman yung mga dagat na hindi ko pa na "surf", paano naman yung mga bundok na hindi ko pa naabot, mga kaibigan na hindi ko pa nakilala, mga ngiti na hindi ko pa naibigay, mga taong hindi ko man lang nabigyan ng insiprasyon Ama? Panginoon, bakit ako? Panginoon hindi ko kaya, pakiramdam ko mag-isa ako, pakiramdam ko ay pinanghihinaan ako ng loob, pakiramdam ko ay nawawalan ako ng pag-asa, pakiramdam ko ay talo ako. Tulungan mo ako.

# NARARANASAN ANG SAKIT NA KANSER NA KASAMA ANG DIYOS

O Panginoon, ikaw ay kahanga-hanga. Hindi ako makagalaw o makahinga dahil nabihag ako ng iyong pagmamahal. Ang puso ko ay nasa dalamhati at iniligtas mo ako sa aking takot. Ang aking puso ay puno at umaapaw at ni hindi mapigilan ang aking nararamdaman...Panginoon, ito ay kumakalat sa lahat ng dako, ito ay umaapaw sa sobrang kasiyahan. Ikinagagalak ko ang presensya ninyo sa aking buhay. Sa maraming paraan, hindi ko pa rin nakikita Panginoon - dahil halos ako ay mabulag ng inyong liwanag! Panginoon, paano pa ako matatakot ngayon? Paano pa kita tatanungin kung bakit? Paano pa kita pagdududahan? Sa sandaling ito tama ako sa katotohanang hindi ko ito kakayanin, hindi ako makahinga. Pero kasama ka, sa pamamagitan mo, at dahil sa iyo kaya kong gawin ang lahat! Kinuha mo ang aking pasanin, hindi ko kailangang pagdaanan ito nang mag-isa... hindi maaari. Ngunit ang malaman na magiging tapat ang aking Panginoon ay nagbibigay sa akin ng pag-asa ni sa hinagap hindi ko maisip. Ako ay lubos na pinagpala, kahit na hindi ako karapat-dapat. At ako ay magtitiwala sa iyo Panginoon, ako ay magtitiwala sa iyong plano para sa akin, sa iyong kalooban para sa akin, ang nakalaang kinabukasan para sa akin... at ang kasalukuyang ibinigay mo sa akin. Panginoon, bakit ako? Bakit mo pinagpala ang aking buhay na sagana sa iyong kabutihan, pag-ibig, at awa? Bakit mo ipinahayag ang iyong sarili sa akin at binigyan mo ako ng pagkakataon na lumapit sa iyo ? Bakit mo ako binasbasan ng paningin gayong matagal akong bulag sa iyong kahanga-hangang plano at banal na layunin? Bulag sa kapunuan ng buhay. Panginoon, hindi ako titigil sa pagpupuri sa iyo... sa aking pinakamadilim, pinakamababang sandali ng aking buhay ay pupurihin ko ang iyong pangalan at ngingiti sa iyong kahanga-hangang pag-ibig para sa akin. Halos hindi ko na mapigilan ang sarili! Ako ay isang bagong nilalang. Binago ni Kristo ang aking buhay sa paraang hindi ko inaasahan at hindi ko kayang unawain. Panginoon ko napakabuti mo! Ang pag-ibig na ibinigay mo sa akin ay umaapaw... isang salita na madalas kong ginagamit ngayon, ngunit wala nang ibang makakapaglarawan sa akin! Ako ay nag-uumapaw sa kagalakan at kapayapaan at pag-ibig at paghanga at nagnanais na taimtim na makapag lingkod sa Diyos. Ito ay umaapaw at gusto kong malaman at maramdaman ito ng lahat, dahil ito ang kamangha-mangha at pinakamagandang bagay kailanman at lahat ay dapat magkaroon ng pagkakataon na maranasan ito. Panginoon, paano mo nagawang baguhin ang isang hamak, nalilito, at naliligaw na tulad ko na maging isang ganap na mapagpakumbaba na tagasunod ni Hesukristo, na may alab sa kanyang puso sa inyong mensahe ng pagmamahal at awa? Ni hindi ko alam na bulag ako. Hindi ko alam na matagal na akong nawawala. Hindi ko alam na mayroon akong panlabas na proteksyon na limitado lamang ang magagawa. At hindi ko lubos na nauunawaan kung gaano nakakapagpalaya at nakakapukaw ng damdamin na mamatay sa sarili para kay Kristo. Paano pinapatay ang lahat ng bagay sa akin, pagsuko sa bawat bahagi ng aking sarili ay sapat para punuin ang aking puso at bigyan ako ng ganap at hindi maikakailang BUHAY. Hindi ako matatakot kasama si Kristo Hesus sa aking tabi, hindi ako mag-aalinlangan sa aking pag-ibig at pananampalataya at pagmamahal...kahit ano pa ang mawala sa akin. Nasabi ko na ito dati pa at mas lalo ko itong naiintindihan ngayon- maaari mong kunin ang aking pag-ibig at ang aking kalusugan at aking buhay, at hindi ako hihinto ng pagpupuri sa Panginoong Hesu Kristo. Walang makakapagpatahimik sa papuri ng aking mga labi para sa aking Ama sa langit, kahit gaano karami ang takot o dilim o pag-iisa o kawalan. Sa katunayan, mas lalo ko siyang papupurihan. Buong puso kong inilagay ang aking puso at kaluluwa sa kanyang salita at layunin para sa aking buhay dahil walang mawawala kundi ang lahat ay pakinabang.

**Purihin ang Ama na maaari kong ipahayag ng tapat at may kagalakan,**

***"Ang BUHAY ay para kay Kristo at ang kamatayan ay pakinabang.."***

Filipos 1:21

# MGA PABORITONG TALATA SA BIBLIYA NG PAMILYA

**Ina:**
Si Yahweh ang mangunguna sa iyo. Sasamahan ka niya. Hindi ka niya bibiguin o pababayaan man, kaya't huwag kang matakot ni panghinaan ng loob. **Deuteronomio 31:8**

**Ama:**
Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin. **Roma 8:28**


**Laura:**
Mapalad ang mga taong nagtitiwala kay Yahweh, pagpapalain ang umaasa sa kanya. Katulad niya'y isang punongkahoy na nakatanim sa tabi ng batisan; ang mga ugat ay patungo sa tubig; hindi ito manganganib kahit dumating ang tag-init, sapagkat mananatiling luntian ang mga dahon nito, kahit hindi umulan ay wala itong alalahanin; patuloy pa rin itong mamumunga. **Jeremias 17:7-8**

Kaya't hindi kami nasisiraan ng loob. Kahit na humihina ang aming katawang-lupa, patuloy namang pinalalakas ang aming espiritu araw-araw. Ang bahagya at panandaliang kapighatiang dinaranas namin ngayon ay magbubunga ng kagalakang walang hanggan at walang katulad. Kaya't ang paningin namin ay nakatuon sa mga bagay na di-nakikita, at hindi sa mga bagay nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di-nakikita. **2 Corinto 4:16-18**

**Lisa:**
Makigalak kayo sa mga nagagalak, at makitangis sa mga tumatangis. Magkaisa kayo ng saloobin. Huwag kayong magmayabang, sa halip ay makisama kayo kahit sa mga dukha. Huwag ninyong ipalagay na kayo'y napakarunong. **Roma 12:15-16**

Higit sa lahat, magmahalan kayo nang tapat, sapagkat ang pagmamahal ay pumapawi ng maraming kasalanan. Buksan ninyo para sa isa't isa ang inyong mga tahanan at gawin ninyo ito nang hindi mabigat sa loob. Bilang mabubuting katiwala ng iba't-ibang kaloob ng Diyos, gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang kakayahang tinanggap ng bawat isa sa inyo. **1 Pedro 4:8-10**

**Michael:**
Sapagkat namumuhay kami batay sa pananampalataya at hindi sa mga bagay na nakikita. **2 Corinto 5:7**



# Si Hesus ay malalapitan ng lahat

Ito ang kagustuhan ni Amanda at huling habilin na ang kanyang mga tula ay mailathala sa isang libro at ipamahagi sa iba upang ipakita sa kanila kung saan siya kumuha ng lakas mula sa kanyang pananampalataya.

Nang isulat niya ang Pag-unawa sa sakit na kanser na hindi kasama ang Diyos at Nararanasan ang sakit na kanser na may Diyos, makikita kung bakit pinili niyang ilagak ang kanyang pananampalataya kay Hesukristo. Hindi na siya nakatuon sa dami ng kanyang hiningang lalanghapin, kundi kung saan siya pupunta pagkatapos ng kanyang huling hininga.

Sa susunod na pahina ay isang paanyaya - upang hikayatin ang mga naantig ang puso sa paglalakbay ni Amanda sa pananampalataya. Ang parehong kapangyarihan na nagpatibay kay Amanda at nagpakilos sa kanyang mga kamay na sumulat ng mga magagandang tula ay maaari ring magbigay ng pag-asa, lakas-loob, at ginhawa sa iyo. Kung ang paglalakbay ni Amanda ay nag-udyok sa iyong puso na makilala si Hesus at makamit ang kapangyarihan at lakas na nagmumula sa isang pag-ibig na higit sa pang-unawa, idinadalangin ko na sa isang tahimik na sandali ng pagmumuni-muni ay ipagkatiwala mo ang iyong buhay sa nag-iisang may kakayahang gumawa ng higit sa lahat ng hinihiling o iniisip natin.

Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Juan 3:16

*Ipaalala sa kanila, " AKO AY" ay muling darating.*
*Ihanda ang daan, parating na ang HARI!*

# Panalangin ng Kaligtasan

Upang simulan ang iyong bagong buhay kasama si Hesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas, ang sumusunod na panalangin, binibigkas na mula sa puso, ay isang magandang unang hakbang:

Ama sa Langit,

Alam kong nagkasala ako sa iyo at ang aking mga kasalanan ay humiwalay sa akin sa Iyo. Humihingi ako tawad. Tunay akong nagsisisi at ngayon ay gusto kong tumalikod sa aking makasalanang nakaraan. Naniniwala ako na ang iyong Anak na si Hesukristo, ay namatay para sa aking mga kasalanan sa krus, na siya ay muling nabuhay mula sa mga patay, buhay ngayon, at dinirinig ang aking mga panalangin. Inaanyayahan ko si Hesus sa aking puso at hinihiling ko sa kanya na maging aking personal na Panginoon at Tagapagligtas. Mangyaring ipadala mo ang Iyong Banal na Espiritu upang tulungan akong sumunod sa iyo at tulungan akong maunawaan at lumago sa kaalaman kung sino ka at ang dakilang pagmamahal mo sa akin. Mangyaring tulungan akong maging ang taong nilayon mo sa akin. Tulungan mo akong sundin ang iyong halimbawa at gawin ang iyong kalooban sa buong buhay ko. Dalangin ko ito sa Mahal at Banal na pangalan ng aking Panginoon at Tagapagligtas na si HesuKristo! Amen.

Kung dinasal mo ang panalanging ito, mahalagang ipagpatuloy ang iyong espirituwal na paglago at palakasin ang iyong pananampalataya. Bilang panimula, inirerekomenda ko na magsimula ka sa pagbabasa ng Ebanghelyo ni Marcos o ni Juan. Makakatulong din ang pagsali sa isang simbahan o pagsali sa isang maliit na grupong nag-aaral ng Bibliya, upang lalong lumawak ang iyong pang-unawa. Kung mayroon kang mga katanungan o gusto mo lang makipag-usap sa isang tao, maaari kang magpadala ng "email o text" at gagawin ko ang lahat ng aking magagawa upang makatulong. Ang mga karadagang impormasyon ay makikita sa huling pahina ng librong ito. Kung ibibigay mo sa akin ang iyong pangalan, maaari kitang ipagdasal.

# Mahalin ang Diyos – Mahalin ang Kapwa

## Isang Diyos
## Isang Tao






Sa mapagmahal na alaala
Amanda Michelle (Twellman) Dieppa
Hunyo 10, 1982 – Hulyo 19, 2005

Para sa karagdagang mga aklat ng tula sa wikang English, Spanish, Chinese, Japanese, Korean, Vietnamese, Greek, Hebrew, Russian, Arabic, Hindi, Swahili, or Telugu mangyaring makipag-ugnayan kay Tom Twellman sa mga sumusunod;


(949) 923-1047
allmo108724@gmail.com.


FILIPINO VERSION

© Copyright 2005, 2015, 2019, 2020, 2021, 2022, 2023, 2024